BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Nobyembre 26, 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Sarah Zahedi - 415.749.4900

Inilunsad ng Air District at mga kasosyo ang Drive Clean Bay Area para mapababa ang mga halaga ng mga sasakyan para sa malinis na hangin

Sa panggrupong diskuwento, makakatipid ang mga customer ng libo-libong bawas sa presyo sa pagbebenta

SAN FRANCISCO – Nakipagsosyo ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, BAAQMD) sa MCE at sa Awtoridad sa Transportasyon ng Marin para ilunsad ang Drive Clean Bay Area (Magmaneho nang Malinis sa Bay Area), isang programa sa edukasyon ng consumer na nag-aalok ng panggrupong plano sa pagbili para pababain ang halaga ng mga de-kuryenteng sasakyan para sa mga customer sa Bay Area.

Iniaalok ang programang insentibo hanggang Disyembre 31, 2019, at binabawasan ng panggrupong diskuwento na $500 hanggang $2,500 ang iminumungkahing presyo sa pagbebenta ng pabrikante, depende sa piniling modelo.

“Pinaliliit ng mga programa tulad ng Drive Clean Bay Area ang pagkakaiba sa presyo sa pagitan ng tradisyonal na gas at sasakyan para sa malinis na hangin, na nagbibigay-daan para maging abot-kaya ito para sa maraming residente ng Bay Area,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pagiging mas abot-kaya ng pagmamay-ari ng isang sasakyan para sa malinis na hangin ay isang sentido kumon na estratehiya para mapahusay ang kalidad ng ating hangin at mabawasan ang mga epekto nito sa klima.”

Pitong modelo ng mga de-kuryenteng sasakyan at limang modelo ng plug-in na hybrid na sasakyan ang kwalipikado para sa diskuwento sa pamamagitan ng programang ito. Bukod pa rito, may mga insentibo na hanggang $9,500 ang posibleng ibigay para sa mga sambahayang kwalipikado ang kita sa pamamagitan ng Clean Cars for All Program (Programa na Malinis na Kotse para sa Lahat) ng Air District.

Para mag-sign up o malaman pa ang tungkol sa mga sasakyang puwedeng kunin para sa mga diskuwento sa panggrupong pagbili, bisitahin ang www.drivecleanbayarea.org.

Ang Drive Clean Bay Area ay isang pagtutulungang kampanya na pinapangunahan ng kawanggawa sa Marin na Cool the Earth (Palamigin ang Mundo) para itaguyod ang paggamit ng mga de-kuryenteng sasakyan sa Bay Area, pati na rin ang pagsusulong ng transportasyon gamit ang e-bike, paglalakad, pagbibisikleta, pag-carpool, at paggamit ng pampublikong transportasyon. Tumatakbo ang kampanya para bigyang kaalaman ang mga residente tungkol sa mga benepisyo ng pagmamaneho ng de-

kuryenteng sasakyan at magbigay ng inspirasyon na lumipat mula sa mga sasakyang pinapatakbo ng gasolina papunta sa mga sasakyang pinapatakbo ng renewable na enerhiya.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Homepage ng Air District | *Mga Pahayag sa Media*